

MAGHANDA SA ISANG PAGKAWALA NG KURYENTE

Ang mga pagkawala ng kuryente ay mas malamang na mangyari sa masasamang panahon, gaya ng malalakas na thunderstorm, bagyo at bagyo sa taglamig, o iba pang natural na sakuna, gaya ng mga wildfire.




FEMA

FEMA V-1008/Disyembre 2023

Ang pagkawala ng kuryente ay kapag ang kuryente ay nawala nang hindi inaasahan.


Mga pagkawala ng kuryente ay . . .



maaaring makasira ng mga linya komunikasyon at tubig, at sa transportasyon sa mahabang panahon.



maaaring maging sanhi ng pagsara ng mga negosyo, tindahan, gasolinahan, ATM, bangko, paaralan at iba pang serbisyo.




maaaring magdulot ng pagkapanis ng pagkain at kontaminasyon ng tubig.



maaaring magdulot ng mga pinsala, sakit o kamatayan, o hadlangan ang paggamit ng mga medikal na kagamitan.

PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI MULA SA PAGKAWALA NG KURYENTE

Panatiliing nakasara ang mga freezer at refrigerator.



Alisin sa pagkakasaksak ang mga appliance at electronics para maiwasan ang pagkasira sa mga electrical surge.

Gumamit ng mga generator sa labas at hindi bababa sa 20 talampakan ang layo mula sa mga pintuan na gusali.



Gumawa ng plano sa pagpapalamig ng mga gamot at pagpapagana ng mga medikal na device.

Manatiling ligtas sa sunog. Huwag gumamit ng gas stove upang painitin ang iyong tahanan.



Kung ligtas, pumunta sa isang lugar para magpa-init o magpalamig.



Panatiliing naka-charge ang mga mobile phone at elektronikong kagamitan bago ang pagkawala ng kuryente.

PAANO MAGIGING LIGTAS MULA SA PAGKAWALA NG KURYENTE



Gumawa ng plano sa komunikasyon at magtago ng isang kopya sa papel.

Mag-install ng mga smoke at carbon monoxide alarm na may backup ng baterya (kung naka-hardwire) sa bawat lebel ng iyong tahanan at malapit sa mga tulugan. Alamin ang mga palatandaan ng pagkalason sa carbon monoxide, tulad ng mga sintomas na parang trangkaso.

Makipag-usap sa iyong doktor upang magplano para sa paggamit ng mga medical device mo na de-kuryente, sa pag-iimbak ng mga gamot mo at sa pagpapanatiling ligtas kung mawalan man ng kuryente.

Magtipon ng mga supply na tatagal ng ilang araw. Regular na tingnan ang mga supply mo at bago ang tinatayang matinding lagay ng panahon. Kung hindi ka makakagawa ng hiwalay na emergency supply kit, tiyaking alam mo kung saan nakalagay ang mga item na mayroon ka na.

Panatiliing may charge ang mga mobile phone at iba pang kagamitang elektroniko bago ang pagkawala ng kuryente. Magplano ng mga alternatibong power sources na magagamit mo sa pag-charge ng mga device.

Alamin kung gagana ang telepono mo kapag nawalan ng kuryente at kung gaano tatagal ang battery backup (kung naaangkop) mo. Tandaan na ang mga landline na telepono ay hindi gagana kung ang mga linya ay nasira.

Tiyaking maraming gasolina ang iyong sasakyan bago ang tinatayang matinding lagay ng panahon kung sakaling mawalan ng kuryente.

I-install at gamitin ang iyong generator nang ligtas. Mag-iimbak ng gasolina nang maingat. Planuhin ang priyoridad ng mga kakailanganin mong isaksak. Maaaring hindi mo maisasaksak ang lahat ng appliances nang sabay-sabay.

Maghandang panatiliing malamig ang refrigerator at freezer na may yelo. Maglagay ng thermometer sa refrigerator at freezer para matiyak ba mananatili ang pagkain sa ligtas na temperatura. Maghandang itapon mga ang pagkaing hindi na ligtas sa temperatura.



Iwasan ang pagkalason sa carbon monoxide.

Gumamit ng mga generator, camp stove o ihawang de-uling sa labas, ng hindi bababa sa 20 talampakan ang layo mula sa anumang bukas sa gusali tulad ng mga bintana, pinto o garahe. Huwag gumamit ng kalan, oven, ihawan o dryer upang painitin ang tahanan.

Manatiling ligtas sa sunog. Gumamit ng mga flashlight, lantern at iba pang mga ilaw na de-baterya. Huwag gumamit ng mga kalan o kandila upang painitin ang iyong tahanan. Palaging gumamit ng mga fireplace, portable heater at kalang kahoy ang gatong nang maingat.

Huwag mag-iwan ng sasakyang tumatakbo sa garahe, kahit iwang bukas ang pinto ng garahe. Kung gagamitin mo ang iyong sasakyan na pagkukunan ng kuryente o init, tiyaking patakbuhin ito sa isang lugar na may maayos na bentilasyon sa labas.

Panatiliing nakasara ang mga freezer at refrigerator. Napapanatiling malamig ng refrigerator ang pagkain sa loob ng **mga 4 na oras.** Ang isang malaking freezer ay mapapanatili ang temperatura sa loob ng **mga 48 oras.** Huwag magtago ng pagkain sa labas o sa niyebe sa malamig na panahon.

Tanggalin sa saksakan ang mga appliances, kagamitan at electronics upang maiwasan ang pagkasira sa mga electrical surge. Gumamit ng mga surge protection device.

Bigyang-atensyon ang mga payo sa tubig. Magpakulo ng tubig o gumamit ng de-boteng tubig mula sa iyong emergency supply kit, kung kinakailangan.



Kapag may pagdududa, itapon! Itapon ang pagkaing galing sa refrigerator na nalantad nang higit sa 4 na oras sa temperaturang 40 degrees Fahrenheit o mas mataas. Itapon ang pagkaing galing sa refrigerator na may hindi karaniwang amoy, kulay o texture.

Palitan ang mga gamot na nasa refrigerator kung nawalan ng kuryente ng isang araw o higit pa, maliban kung iba ang sinasabi ng label ng gamot. Tawagan ang iyong doktor o parmasyutiko kung umaasa ka sa mga pinalamig na gamot na nasa temperatura ng silid. Gamitin lang ang gamot hanggang sa magkaroon ka ng bagong supply.

Maghanda. Maraming Kalamidad ang Maaaring Magkasabay-sabay.

Alamin kung paano manatiling kumportable sa matinding init, kahit walang kuryente. Maghanap ng mga lugar na may air condition na maaari mong puntahan. Humanap ng lilim, basain ng tubig ang balat, iwasan ang mga aktibidad na kailangan ng mataas na enerhiya at magsuot ng magaan at hindi matitingkad na damit.

Gumawa ng planong manatiling mainit kung mawalan ng kuryente sa taglamig. Suriin ang iyong kaligtasan bago umalis sa iyong tahanan. Pag-isipang gugulin ang pinakamalamig na bahagi ng araw sa isang lugar na may init. Tingnan ang mga miyembro ng pamilya at kapitbahay kung ligtas itong gawin.

Umako ng Aktibong Tungkulin sa Kaligtasan Mo

Pumunta sa **Ready.gov/power-outages** (mga link sa isang webpage sa Ingles). I-download ang **FEMA app** upang makakuha pa ng impormasyon tungkol sa paghahanda para sa **pagkawala ng kuryente.**

